MISSALETTE
19 Hulyo 2026 • IKA-16 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHON • TAON A





# ANG TANGING YAMAN NI HESUS

Ngayon ay Ika-16 na Linggo sa Karaniwang Panahon. Ang Mabuting Balita ay ukol sa talinghaga ng trigo at damo. Isang maghahasik ang nagtanim ng mabuting binhi, ngunit palihim na naghasik ang kaaway ng damo dito. Ang larawang ito ay nagpapakita ng katotohanang ang mabuti at masama ay sabay na umiiral sa mundo. Ngunit higit nitong itinatampok ang walang-hanggang pagtitiis ng Diyos para sa atin--ang pag-ibig Niya na nagbabata ng lahat at niyayakap maging ang ating pagkakasala. Makatagpo nawa natin si Hesus sa Eukaristiyang ito upang maging karapat-dapat sa Kanyang pag-ibig.

## PASIMULA

### PAMBUNGAD

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Sa akin ay tumutulong
ang Diyos na Panginoon.
Sa kanya ko iuukol
ang alay ko na hahantong
sa ngalan n'yang nagtatanggol.

*(Sal 54, 4.6)*

### PAGBATI

**P** –Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at pakikiisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.
**B** – **At sumaiyo rin.**

### PAGSISISI

**P** –Sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng misteryo ng pagmamahal ni Kristo, aminin natin ang ating mga pagkukulang at hilingin sa Panginoon ang kapatawaran at lakas. (Manahimik saglit.)

**P** – Sa mga pag-aalinlangan natin sa karunungan ng Diyos sa pakikitungo sa mga sumusuway sa kautusang moral, Panginoon, kaawaan mo kami.
**B** – **Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** – Sa pagpapabaya nating lumago sa atin ang binhi ng kasamaan habang dumadaing sa patuloy na pag-iral ng kasamaan sa daigdig, Kristo, kaawaan mo kami.
**B** – **Kristo, kaawaan mo kam**.

**P** – Para sa di natin pagkilos sa pagpapabalik-loob sa Diyos ng mga naliligaw ng landas, Panginoon, kaawaan mo kami.
**B** – **Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnu-bayan tayo sa buhay na walang hanggan.
**B** – **Amen.**

### PAPURI

**B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan**
**at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong**
**kinalulugdan niya.**
**Pinupuri ka namin,**

This issue of Missalette may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us an email of a copy of the deposit slip with your name for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

**dinarangal ka namin,**
**sinasamba ka namin,**
**ipinagbubunyi ka namin,**
**pinasasalamatan ka namin**
**dahil sa dakila mong angking kapurihan.**
**Panginoong Diyos, Hari ng langit,**
**Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,**
**Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.**
**Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng**
**sanlibutan, maawa ka sa amin.**
**Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng**
**sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan.**
**Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,**
**maawa ka sa amin.**
**Sapagkat ikaw lamang ang banal,**
**ikaw lamang ang Panginoon,**
**ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,**
**kasama ng Espiritu Santo**
**sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.**

## PANALANGING PAMBUNGAD

**P** –Ama naming makapangyarihan,
kalugdan mo kami at pagbigyan
na magkamit ng kaloob mong karagdagan
upang sa maalab naming pananalig, pag-asa at pag-ibig
kami'y mamalaging tumatalima sa iyong kautusan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B –Amen.**

# PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

## Unang Pagbasa — Kar 12, 13.16-19

Pagbasa mula sa aklat ng Karunungan

**Lahat ng bagay ay nasa ilalim ng iyong pangangalaga,**
**at walang ibang diyos na dapat mong pagsulitan ng iyong mga hatol.**
**Sa iyong lakas nagmumula ang iyong katarungan,**
**at maaari kang magpakita ng habag kaninuman**
**sapagkat ikaw ang Panginoon ng lahat.**
**Ipinamamalas mo ang iyong lakas sa nag-aalinlangan sa iyong ganap na kapangyarihan,**
**at pinarurusahan mo ang sinumang nakatatalastas nito ngunit nangangahas na di ka pansinin.**
**Walang hanggan ang kapangyarihan mo ngunit mahabagin ka kung humatol.**
**Maaari mo kaming parusahan kailanma't ibigin mo,**
**ngunit sa halip ay pinamamahalaan mo kami nang buong hinahon at pagtitimpi.**
**Sa pamamagitan ng ginawa mong iyan**
**ay itinuro mo sa mga taong makatarungan**
**na dapat din silang maging maawain.**
**At binigyan mo naman ng pag-asa ang iyong bayan,**
**sa pagkakaloob sa kanila ng pagkakataong makapagsisi.**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## Salmong Tugunan — Sal 85, 5-6. 9-10. 15-16a

**B –Poon, ikaw ay mabuti**
**sa lahat ng nagsisisi.**

*R. M. Velez*




* Mapagpatawad ka at napakabuti;
sa dumadalangin at sa nagsisisi,
ang iyong pag-ibig ay mananatili.
Pakinggan mo, Poon, ang aking dalangin.
Tulungan mo ako, ako'y iyong dinggin. **B.**

* Ang lahat ng bansa na iyong nilalang,
lalapit sa iyo't magbibigay galang;
sila'y magpupuri sa 'yong kabutihan.
Pagkat ikaw lamang ang Diyos na Dakila
na anumang gawin ay kahanga-hanga! **B.**

* Ngunit ikaw, Poon, tunay na mabait,
tapat at totoo, wagas ang pag-ibig;
lubhang mahabagi't banayad magalit.
Ibaling sa akin ang awa mo't habag,
iligtas mo ako at bigyan ng lakas. **B.**

## Ikalawang Pagbasa — Ro 8, 26-27

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa Mga Taga-Roma

**Mga kapatid: Tinutulungan tayo ng Espiritu sa ating kahinaan. Hindi tayo marunong manalangin nang wasto, kaya't ang Espiritu ang lumuluhog para sa atin, sa paraang di-magagawa ng pananalita.**

**At nauunawaan ng Diyos na nakasasaliksik sa puso ng tao, ang ibig sabihin ng Espiritu, sapagkat ang Espiritu'y lumuluhog para sa mga banal, ayon sa kalooban ng Diyos.**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## Aleluya Mt 11, 25

B – Aleluya! Aleluya!
Papuri sa Diyos Ama
pagka't ipinahayag n'ya
Hari s'ya ng mga aba.
Aleluya! Aleluya!

## Mabuting Balita Mt 13, 24-43

P – Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**
P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
**B – Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, inilahad ni Hesus ang talinghagang ito sa mga tao. "Ang paghahari ng Diyos ay katulad nito: may isang taong naghasik ng mabuting binhi sa kanyang bukid. Isang gabi, samantalang natutulog ang mga tao, dumating ang kanyang mga kaaway at naghasik ng masasamang damo sa triguhan. Nang tumubo ang trigo at magkauhay, lumitaw rin ang masasamang damo. Kaya't lumapit ang mga alipin sa puno ng sambahayan at sinabi rito, 'Hindi po ba mabuting binhi ang inihasik ninyo sa inyong bukid? Bakit po may damo ngayon?' Sumagot siya, 'Isang kaaway ang may kagagawan nito.' Tinanong siya ng mga utusan, 'Bubunutin po ba namin ang mga iyon?'**
**'Huwag,' sagot niya. 'Baka mabunot pati trigo. Hayaan na ninyong lumago kapwa hanggang sa anihan. Pag-aani'y sasabihin ko sa mga tagapag-ani: "Tipunin muna ninyo ang mga damo at inyong pagbigkis-bigkisin upang sunugin, at ang trigo'y inyong tipunin sa aking kamalig."**

**[Isa na namang talinghaga ang inilahad ni Hesus sa kanila. "Ang paghahari ng Diyos ay katulad nito: may isang taong nagtanim ng isang butil ng mustasa sa kanyang bukid. Pinakamaliit ito sa lahat ng binhi, ngunit kapag natanim na at lumago ay nagiging pinakamalaki sa lahat ng puno ng gulay. Ito'y nagiging punongkahoy, anupat napamumugaran ng mga ibon ang mga sanga nito."**

**Nagsalaysay pa siya ng ibang talinghaga. "Ang paghahari ng Diyos ay katulad ng lebadura na inihalo ng isang babae sa tatlong takal na harina, at umalsa ang buong masa." Sinabi ni Hesus sa mga tao ang lahat ng ito sa pamamagitan ng talinghaga at wala siyang sinabi sa kanila nang hindi gumagamit ng talinghaga. Ginawa niya ito upang matupad ang sinabi ng propeta: "Magsasalita ako sa kanila sa pamamagitan ng mga talinghaga. Ihahayag ko sa kanila ang mga bagay na nalilihim mula nang likhain ang sanlibutan."]**

**Pagkatapos, iniwan ni Hesus ang mga tao at pumasok sa bahay. Lumapit ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanya, "Ipaliwanag po ninyo sa amin ang talinghaga tungkol sa masasamang damo sa bukid."**
**Ito ang tugon ni Hesus, "Ang Anak ng Tao ang naghahasik ng mabuting binhi. Ang bukid ay ang sanlibutan. Ang mga taong pinaghaharian ng Diyos ang mabuting binhi at ang mga taong pinaghaharian ng diyablo ang masasamang damo. Ang kaaway na naghasik ng mga iyon ay walang iba kundi ang diyablo. Ang pag-aani ay ang katapusan ng daigdig, at ang mga anghel ang mga tagapag-ani. Kung paanong iniipon ang mga damo at sinusunog, gayundin ang mangyayari sa katapusan ng daigdig. Susuguin ng Anak ng Tao ang kanyang mga anghel, at iipunin nila mula sa kanyang pinaghaharian ang lahat ng nagiging sanhi ng pagkakasala at ang lahat ng gumagawa ng masama, at ihahagis sa maningas na pugon. Doo'y mananangis sila at magngangalit ang kanilang ngipin. At magliliwanag na parang araw ang mga matuwid sa kaharian ng kanilang Ama. Ang may pandinig ay makinig!"**

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.
**B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## HOMILIYA

## SUMASAMPALATAYA

**B – Sumasampalataya ako**
**sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,**
**na may gawa ng langit at lupa.**
**Sumasampalataya ako kay Hesukristo,**
**iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.**
**Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo,**
**ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.**
**Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,**
**ipinako sa krus, namatay, inilibing.**
**Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.**
**Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli.**
**Umakyat sa langit.**

**Nalukluklok sa kanan**
**ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Doon magmumulang paririto**
**at huhukom sa nangabubuhay at**
**nangamatay na tao.**
**Sumasampalataya naman ako**
**sa Diyos Espiritu Santo,**
**sa banal na Simbahang Katolika,**
**sa kasamahan ng mga banal,**
**sa kapatawaran ng mga kasalanan,**
**sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao**
**at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

## PANALANGIN NG BAYAN

**P –** Ama, matiyaga Mo kaming pinangangalagaan at minamahal. Bagamat kami ay hindi karapat-dapat, lumalapit kami sa Iyo na nagtitiwala sa Iyong awa at habag at nananalanging: Panginoon, dinggin mo kami.

**B – Panginoon, dinggin Mo kami.**

* Para sa Santo Papa, mga obispo, mga pari, at mga binyagan, itaguyod nawa tayo ng Diyos sa kabanalan at patnubayan tayo sa pag-akay sa iba patungo sa pagbabalik-loob. Kami ay nananalangin. **B.**

* Para sa lahat ng naglilingkod sa pamahalaan, kumilos nawa sila nang may karunungan, katarungan, at pagpapakumbaba, habang itinataguyod ang pagkakaisa at naglilingkod sa iba nang may patas na pagtingin at malasakit. Kami ay nananalangin. **B.**

* Para sa mga nakararamdam ng kalungkutan, kabalisahan, o may mabibigat na pasanin, aliwin nawa sila ng Espiritu Santo at bigyan ng pag-asa at kalakasan. Kami ay nananalangin. **B.**

* Para sa ating mga yumao, tanggapin nawa sila sa kapayapaan at kagalakan ng kaharian ng Diyos. Kami ay nananalangin. **B.**

**P –** Mapagmahal na Ama, Ikaw ay mabuti at punung-puno ng awa. Dinggin mo ang aming mga panalangin at tulungan kaming sumunod sa Iyong kalooban. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.
**B– Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

**P –** Manalangin kayo . . .
**B – Tanggapin nawa ng Panginoon**
**itong paghahain sa iyong mga kamay**
**sa kapurihan niya at karangalan,**
**sa ating kapakinabangan**
**at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**P –** Ama naming Lumikha,
lahat ng iyong mga paghahaing ipinag-utos noong araw
ay iyong pinagtibay sa isang haing hantungan ng tanan.
Tanggapin ang ginaganap ngayon ng iyong mga lingkod
at basbasan mo ito ng kabanalang gaya ng iyong kaloob
sa mga alay ni Abel na lubha mong ikinalugod
upang ang mga handog ng bawat isang nagbigay
para sambahin ang banal mong ngalan
ay magkamit ng karagdagan mong kasiyahan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

## PREPASYO VII

P – Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**
P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
**B – Itinaas na namin sa Panginoon.**
P – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
**B – Marapat na siya ay pasalamatan.**
P – Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan.
Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan,
ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal.
Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang;
ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan.
Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin
bagama't di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin.
Niloob mo ito upang iyong mamalas
sa aming pagkatao ang giliw mong Anak
at kami'y tunghayan mong may pag-ibig na tulad
ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat.
Ang katapatan niya sa iyong walang maliw
ay nagpanumbalik na muli sa amin
ng iyong kasiyaha't ng iyong pagtingin

na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.
Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B – Santo, santo, santo**
**Panginoong Diyos**
**ng mga hukbo!**
**Napupuno ang langit at lupa**
**ng kadakilaan mo!**
**Osana sa kaitaasan!**
**Pinagpala ang naparirito**
**sa ngalan ng Panginoon!**
**Osana sa kaitaasan!**

## PAGBUBUNYI

**B** –Sa krus mo at pagkabuhay
kami'y natubos mong tunay,
Poong Hesus naming mahal,
iligtas mo kaming tanan
ngayon at magpakailanman.

# PAKIKINABANG

**B – Ama namin . . .**
**P** – Hinihiling namin . . .
**B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

## PAANYAYA SA KAPAYAPAAN

## PAGHAHATI-HATI SA TINAPAY

**B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,**
**maawa ka sa amin. (2×)**
**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,**
**ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

## PAANYAYA SA PAKIKINABANG

**P** – Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
**B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa Iyo ngunit sa isang salita Mo lamang ay gagaling na ako.**

## ANTIPONA NG PAKIKINABANG

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Ngayon ay ginugunita
Poo'y mahabaging lubha.
Sumasamba'y sasagana
sa pagkain niyang handa
sa magsabing s'ya'y dakila.

*(Sal 111, 4-5)*

## PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

**P** –Ama naming mapagmahal,
manatili kang kapiling ng iyong sambayanan na ngayo'y pinapakinabang mo sa iyong sariling buhay
at gawin mong kami'y pasulong na makahakbang
mula sa dati naming pagkamakasalanan
patungo sa pagbabagong nagdudulot ng iyong kabutihan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

# PAGWAWAKAS

**P** – Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**

**P** – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
**B – Amen.**

**P** – Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristo.
**B – Salamat sa Diyos.**

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
*Postal Address:* P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
*Tel. Nos.* 8894-5401; 8475-8945 • *Website:* www.wordandlife.org
• *E-mail:* wordandlifepublications@gmail.com • *FB:* Word And Life Publications
• *Editorial Team:* Fr. R. De Guzman, J. Lacandazo, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• *Illustrations:* A. Sarmiento, B. Cleofe • *Circulation:* R. Saldua